

# Magbubukas ng Mga Sentro ng Pagbawi ng Sakuna sa San Diego County

---

Release Date: February 29, 2024

SAN DIEGO - Ang California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES), ang County ng San Diego at FEMA, kasama ang estado at lokal na kasosyo, ay magbubukas ng Disaster Recovery Center o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna (DRC) sa San Diego County simula Biyernes, Marso 1, 2024. Ang mga pansamantalang tanggapan na ito ay itinatag upang matulungan ang mga nakaligtas na makabawi mula sa matinding bagyo at pagbaha mula Enero 21-23, 2024.

Ang mga nakaligtas ay may hanggang Abril 19, 2024 upang mag-apply para sa tulong. Ang mga tseke sa katayuan ng imigrasyon ay hindi magagamit sa DRC. Ang lahat ng mga sentro ay bukas mula 10 ng umaga hanggang 7 ng gabi PT (oras sa Pasipiko), pitong araw sa isang linggo maliban kung nabanggit pa.

## Sentro ng Komunidad ng Mountainview

641 Kalye ng Timog Hangganan  
San Diego, CA 92113

## Aklatan ng Spring Valley

836 Kalye Kempton  
Spring Valley, CA 91977

Nagbibigay ang DRC para sa mga nakaligtas sa sakuna ng impormasyon mula sa mga ahensya ng estado ng California, FEMA, at ng US Small Business Administration. Sa isang DRC, ang mga nakaligtas ay maaaring makakuha ng tulong sa pag-apply para sa pederal na tulong at mga pautang sa sakuna, pag-update ng mga application at pag-aaral tungkol sa iba pang magagamit na map

Ang bawat DRC ay maaaring mapuntahan ng mga taong may kapansanan. Mayroong mga kagamitan sa teknolohiya ng tulong upang matulungan ang mga nakaligtas sa sakuna na makipag-ugnayan sa pamamagitan ng Video Remote Interpretation, at ang mga sentro ay may mga paradahan, rampa at banyo. Kung



FEMA

Page 1 of 2

kailangan mo ng paraan upang makipag-usap, mangyaring ipaalam kaagad ang mga kawani ng FEMA sa sentro.

Kung kailangan mo ng suporta sa ASL sa isang DRC, mangyaring makipag-ugnay sa Aaron Kubey [aaron.kubey@fema.dhs.gov](mailto:aaron.kubey@fema.dhs.gov) nang maaga upang magpatala ng petsa at oras para makakilala ka ng isang ASL interpreter doon.

Hindi mo kailangang bisitahin ang isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna para mag-apply. Ang mga nakaligtas ay maaaring pumunta online sa [DisasterAssistance.gov](https://DisasterAssistance.gov), gumamit ng [FEMA mobile app](#) o tumawag sa FEMA Helpline sa 800-621-3362. May mga operator ng helpline mula 7 ng umaga hanggang 10 ng gabi PT araw-araw. Magagamit ang tulong sa karamihan na mga wika. Kung gumagamit ka ng isang relay service, tulad ng video relay (VRS), serbisyo ng naka-caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Upang mapuntahan ang isang makikitang video tungkol sa paraan upang mag-apply bisitahin ang: [Tatlong Paraan upang Magrehistro para sa FEMA Disaster Assistance - YouTube](#).

Para sa pinakabagong impormasyon ng FEMA sa Enero 21-23, 2024 tungko sa matinding bagyo at pagbaha ng San Diego County, bisitahin ang [www.fema.gov/disaster/4758](http://www.fema.gov/disaster/4758).

###

Ang misyon ng FEMA ay tumulong sa tao bago, habang, at pagkatapos ng sakuna.

Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ibibigay nang walang diskriminasyon sa batayan ng lahi, kulay, kasarian (kabilang ang sekswal na panliligalig), oryentasyong sekswal, relihiyon, pambansang pinagmulan, edad, kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, o katayuan sa ekonomiya. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatang sibil, maaari kang tumawag sa linya ng Civil Rights Resource sa 833-285-7448.



**FEMA**

Page 2 of 2